

Ano ang muling pagdidistrito?



Bawat ika-sampung taon, ang mga elektoral na distrito sa buong Estados Unidos ay muling ginuguhit upang pagpantayin ang mga populasyon ng distrito. Ang prosesong ito ay tinatawag na **muling pagdidistrito (redistricting)**. Mahalaga ito sa pagtiyak na ang bawat Superbisor ay kumakatawan sa halos parehong bilang ng mga nasasakupan.

Maliban sa pagpapantay ng populasyon ng 5 distrito, ang muling pagdidistrito ay dapat sumunod sa iba pang pamantayan upang sumunod sa batas. Kasama sa mga pamantayang ito ang pagsunod sa Pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto, na tinitiyak na ang mga distrito ay magkadikit (nasa isang piraso), at paggalang sa *Mga Komunidad ng Interes (Communities of interest COI)*, bukod sa iba pa. Sa 2021, iguguhit ng Lupon ng Mga Superbisor ng Alameda County ang mga hangganan ng namamahalang distrito sa pamamagitan ng isang pampublikong proseso.

Ano ang isang Komunidad ng Interes?

Ang *Komunidad ng Interes (COI)* ay isang grupo ng mga tao na may pare-parehong ugnayan o interes. Malawak ang kahulugan na ang ibig sabihin ay matutukoy ng mga komunidad kung anong mga isyu o interes ang pagsasamahin nila. Ang mga residente o manggagawa ng komunidad sa isang lugar ay ang nasa pinakamahusay na posisyon upang tukuyin ang kanilang sariling mga COI.

Mga potensyal na mga interes na nagbubuklod sa COI:

- ✓ Panlipunan
- ✓ Pang-kultura
- ✓ Etniko
- ✓ Heograpiko
- ✓ Ekonomiko





Mga potensyal na halimbawa ng COI:

- ✓ Isang grupo o samahan ng kapitbahayan
- ✓ Mga residente na may parehong kasaysayan ng kultura, pamana o pinagmulan
- ✓ Mga taong nagsasama upang suportahan ang isang paaralan, isyu sa kapaligiran, atbp.

⊘ Hindi maaaring isama sa mga COI ang mga relasyon sa mga partidong pampulitika, nanunungkulan, o kandidato. ⊘

Paano ilalarawan ang iyong Komunidad ng Interes:

 Ano ito?	 Nasaan ito?
<p>Ipaliwanag ang pagbubuklod o karaniwang interes</p> <p>Ang testimonya tungkol sa iyong sentro ng komunidad ay dapat isama ang pangalan nito, ang pagkakasangkot ng komunidad at kung bakit ito mahalaga.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hal.: "Ginagamit ng aming mga kapitbahay ang mga pang-edukasyon at panlibangang mapagkukunan sa sentro. Kumukuha kami ng mga trabaho mula sa programa sa karera." <p>Ang testimonya tungkol sa isang magkaparehong kultura ay maaaring kumilala sa kasaysayan nito at ipaliwanag kung bakit ito ay isang karaniwang ugnayan.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hal.: "Magkapareho ang aming mga tradisyon at nagsasalita ng parehong wika." 	<p>Ipaliwanag ang heograpikong lokasyon</p> <p>Mangyaring magbigay ng impormasyon tungkol sa mga panlabas na hangganan ng COI, tulad ng mga kalye, katubigan, o mga shopping center.</p> <p><u>Maaari mong ipadala ang mga hangganan sa iba't ibang mga paraan:</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Paggamit sa online COI application ng County (@ https://Redistricting2021.acgov.org) • Ang isang mapa ay maaaring gawin sa iba pang kasangkapan (<i>drawmycommunity.org</i> o <i>GoogleMaps</i>) • Papel na mapa o paglalarawan ng mga hangganan

Sino ang maaaring magsumite ng Komunidad ng Interes (COI)?

Ang mga Komunidad ng Interes ay tinukoy bilang mga taong pamilyar sa komunidad. Maaaring magsumite ng testimonya ang sinuman sa kanilang COI, anuman ang katayuan ng pagkamamamayan, wika, lahi, o edad.

Bakit kailangang kayong sumali?

- Upang bigyan ng boses ang iyong komunidad at siguruhin na mayroon itong pantay na akses sa prosesong politikal.
- Upang makatulong sa paghubog ng isang muling pagdidistrito ng plano na nagbibigay sa mga komunidad ng makabuluhang oportunidad upang humalal ng mga kandidato na kumakatawan sa kanilang mga interes sa mga isyu na mahalaga sa kanila.
- Tandaan na ikaw ang dalubhasa sa iyong komunidad at nais ng county na marinig ang iyong saloobin! Walang mga maling sagot sa pagtukoy ng iyong Komunidad ng Interes.

**Paano Mo Ibabahagi Ang Iyong COI?**

Gumuhit	<ul style="list-style-type: none"> • Magsumite ng isang Komunidad ng Interes – NGAYON sa aming website! • Gumawa ng buong mapa ng distrito para ikonsidera ng Lupon (<i>Ang programa sa pagmamapa ay ililunsad sa dulo ng Setyembre 2021</i>)
Magsalita	Sa panahong ng pampublikong komentaryo sa alinmang Pagdinig sa Muling Pagdidistrito (<i>Tingnan ang iskedyul sa ibaba; Ang pangkasalukuyang interpretasyon ay makukuha kapag hiniling</i>)
E-Mail	redistricting@acgov.org o "Contact Us" sa aming website
Koreo	Community Development Agency, Attn: Sandi Rivera 224 W. Winton Ave, Room 110 Hayward, CA 94544
Telepono	(510) 670-5333

Iskedyul

Mga Pagpupulong ng Pampublikong Saloobin	<ul style="list-style-type: none"> • Martes 9/21 ng 6pm • Martes 10/12, ng 12pm
Pulong upang Iguhit ang Mga Draft na Mapa:	<ul style="list-style-type: none"> • Martes 10/26, ng 6pm
Mga Pulong ng Pagpuna sa Draft na Mapa:	<ul style="list-style-type: none"> • Martes 11/2 ng 6 pm • Huwebes 11/4 ng 6 pm • Martes 11/16 ng 6 pm • Martes 11/23 ng 6 pm • Huwebes 12/2 ng 6 pm
Pagpapatibay ng Pinal na Mga Distrito	<ul style="list-style-type: none"> • Unang pagbasa: Disyembre 7, 2021 ng 12 pm • Pangalawang pagbasa: Disyembre 14, 2021 ng 12 pm

Ang lahat ng mga pulong ay kasalukuyang nakaplanong isagawa nang birtwal sa
<https://bos.acgov.org/broadcast/>

Bitahin ang aming website para sa karagdagang kaalaman.
Sumali sa aming listahan ng email upang makatanggap ng regular na mga pag-update.

www.Redistricting2021.acgov.org